Australian Government

Filipino

mediation resolve agreement confidential differences neutral child-focused safe

# Family Dispute Resolution (Paglutas ng mga Alitang-Pamilya)

Pinopondohan ng Pamahalaang Australya ang mga serbisyo ng Familty Dispute Resolution (Paglutas ng mga Alitang-Pamilya) upang tulungan ang mga pamilyang Australyano na talakayin at pagkasunduan ang mga kaayusan na tumutugon sa pinakamagaling na kapakanan ng kanilang mga anak nang hindi na pupunta pa sa korte.

## Ano ang Family Dispute Resolution (FDR)?

Ang family dispute resolution (FDR) ay isang uri ng mediation (pamamagitan) na tumutulong sa mga pamilyang naghihiwalay na maabot ang kanilang mga kasunduan nang hindi na kailangang idaan pa sa korte. Maaaring makatulong ang FDR sa mga tao na magkasundo tungkol sa mga isyu kaugnay sa ari-arian, pera, at pinakamahalaga – sa kanilang mga anak.

Ang mga serbisyo ng FDR ay ibinibigay ng mga indibidwal at organisasyon, halimbawa, mga Family Relationship Center, organisasyong pangkomunidad, mga legal aid commission, at mga indibidwal na nag-aalok ng pribadong (may bayad) na mga serbisyo ng FDR. Kung ikaw ay nakatira sa isang remote (malayo) na lugar o hindi ka makapunta sa isang tagapagbigay ng serbisyo, maaari ka ring maka-access sa mga serbisyo ng FDR, gamit ang telepono o video conferencing.

Mga akreditadong praktisyoner ng FDR lamang ang pinapahintulutang magbigay ng mga serbisyo ng FDR. Maaari mong tingnan ang Family Dispute Resolution Register (https://fdrr.ag.gov.au/) para kumpirmahin kung ang isang tao ay isang akreditadong praktisyoner ng FDR.

## Sapilitan ba ang FDR?

Ang mga naghiwalay na magulang ay inaatasan ng batas na subukan ang FDR bago sila mag-aplay sa family law court para sa mga kautusan sa pagiging magulang, maliban kung may nauukol na isa o higit pa sa mga sumusunod na iksemsyon:

- ginagawa mong opisyal ang isang kasunduan sa pamamagitan ng mga 'consent order' (mga ligal na naipapatupad na mga kasunduang inaprubahan ng korte)
- may nangyaring karahasan sa pamilya o pang-aabuso sa bata
- tumutugon ka sa isang aplikasyon sa korte
- kailangang gumawa ng agarang desisyon
- hindi kaya ng isang tao na makilahok sa FDR
- isang tao na hindi sumunod sa, o nagpakita ng malubhang pagwawalang-bahala para sa, isang kautusan ng korte na ginawa sa nakaraang 12 buwan.

Maski ang mga tao na dating nagpunta sa korte ay maaaring kailanganing subukan ang FDR kung kailangan nila ng mga bagong kautusan ng korte o upang baguhin ang kasalukuyang mga kautusan.

Kung walang nauukol na iksemsyon, kailangan mong magharap ng sertipiko mula sa isang praktisyoner ng FDR upang mapagpasyahan ng family law court ang usapin ng pagiging magulang. Maaari lamang mag-isyu ng mga sertipiko ang mga akreditadong praktisyoner ng FDR sa ilalim ng Family Law (Mga Praktisyoner ng Family Dispute Resolution) Regulations 2025.

## Anong impormasyon ang ibibigay sa akin ng isang praktisyoner ng FDR?

Bago mo simulan ang FDR, dapat sabihin sa iyo ng iyong praktisyoner ng FDR ang kanyang kwalipikasyon, ang proseso ng FDR, kabilang ang mga proteksyong magagamit sa mga bagay na sasabihin mo sa FDR, magkano ang gagastusin, at mga detalye kung paano ka makakapagreklamo tungkol sa serbisyo. Maaari rin nilang sabihin sa iyo ang iba pang mga serbisyo na maaaring makatulong sa iyo. Dapat ka ring bigyan ng praktisyoner ng FDR ng impormasyon tungkol sa pagdalo sa FDR bago mag-aplay sa korte, paano ang pagkuha ng isang section 60I na sertipiko, at maaaring isaalang-alang ng korte ang sertipikong iyon kapag nagpapasyang maggawad ng mga gastos laban sa isang tao.

Kung nagsisikap kang lutasin ang isang hindi pagkakasunduan tungkol sa inyong mga anak, hinihikayat kang kumilos ayon sa pinakamabuting kapakanan ng inyong anak.

Kung tinatangka mong lutasin ang hindi pagkakasunduan tungkol sa inyong pananalapi o ari-arian, dapat kang bigyan ng praktisyoner ng impormasyon tungkol sa iyong tungkulin na isiwalat sa isa't isa, pati na rin sa korte, ang lahat ng nauugnay na impormasyong-pinansyal at mga dokumento.

## Sino ang maaaring dumulog sa FDR?

Ang mga taong mayroong hindi pagkakaunawaan ang kailangang sumangkot sa proseso ng FDR. Kung naaangkop, maaari kang magsama ng mga kapamilya o taong tagasuporta, kabilang ang iyong abugado. Gayunpaman, kailangang sumang-ayon ang praktisyoner ng FDR sa ibang mga tao na dadalo sa mga sesyon ng FDR. Kung nagpaplano kang magsama ng isang taong tagasuporta o ng isang abugado, dapat mong talakayin ito sa praktisyoner ng FDR nang maaga hangga't maaari.

## Kasali ba sa FDR ang aking anak?

Hindi, ngunit depende sa iyong mga sirkumstansya at sa mga dahilan gaya ng edad at kahustuhan ng isip (maturity) ng iyong anak, maaaring kausapin ang iyong anak ng isang pampamilyang tagapayo o psychologist para sa bata. Mangyayari lamang ito kung sasang-ayon ang mga magulang.

## Ano ang mangyayari sa panahon ng FDR?

Bago makapagsimula ang mediation, gagawa ng pagtasa para malaman kung angkop ang FDR para sa iyong sitwasyon. Ang mga praktisyoner ng FDR ay walang kinikilingan at walang kakampihang anumang panig. Matutulungan ka nila na galugarin ang mga isyu ng pamilya sa isang paraang hindi naiimpluwensyahan ng sariling paniniwala (objective) at positibo. Hindi katulad ng pagpapayo, hindi tutuon ang FDR sa emosyonal na panig ng mga relasyon. Tutuon ito sa paglutas ng mga partikular na alitan.

Hinihikayat kang tunay na magsikap upang malutas ang alitan sa tulong ng praktisyoner ng FDR.

Matutulungan kayo ng praktisyoner na pag-usapan ang mga isyu, tingnan ang mga opsyon, at tingnan kung paano pinakamahusay na maaabot ang isang kasunduan. Ang mahalaga rito, magagamit mo ang FDR upang bumuo ng plano sa pagiging magulang na magtatakda ng mga kaayusan para sa inyong mga anak. Titiyakin din ng praktisyoner ng FDR na nauunawaan ng lahat ang mga sinasabi at napagkasunduan.

## Paano kung nadarama mong hindi ka ligtas?

Mahalagang madama mong ikaw ay ligtas, at ligtas bago, habang at pagkatapos ng FDR. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iyong mga anak, dapat mong sabihin ito sa iyong praktisyoner ng FDR o sa tauhan sa serbisyo ng FDR sa lalong madaling panahon. Maaaring mangahulugan ito na ihihinto ang FDR o hindi ito sisimulan. Ang mga partido sa FDR ay hindi kailangang nasa iisang kuwarto.

Walang pangangailangang magsagawa ng FDR kung nagkaroon ng karahasan sa pamilya o pang-aabuso sa bata.

## Magkano ang gagastusin?

Maaaring mas mabilis at mas mura ang FDR kaysa pumunta sa korte o magbayad ng mga ligal na bayarin. Maaaring sumingil ng bayad ang mga serbisyo ng FDR ayon sa kalagayan ng iyong pananalapi. Dapat mong ipaalam sa serbisyo ng FDR kung maliit lang ang iyong kinikita o dumaranas ka ng kahirapan sa pananalapi.

## Kumpidensyal ba ang mga sasabihin sa FDR at magagamit ba sa korte ang mga ito?

Karamihan sa mga sasabihin mo sa FDR ay kumpidensyal basta't nakikipag-usap ka sa isang akreditadong praktisyoner ng FDR. Kung minsan, ang praktisyoner ng FDR ay

maaaring atasan ng batas na magsiwalat ng isang bagay na iyong sinabi, halimbawa, kung kaugnay ito sa sinususpetsang pang-aabuso sa bata o upang hadlangan ang isang malubhang krimen o pagbabanta sa buhay ng isang tao.

Ang mga tao na hindi akreditadong praktisyoner ng FDR, kabilang ang mga intake officer o assistant, ay hindi saklaw ng mga proteksyon ng kompidensyalidad. Dapat mong kumpirmahin na ang iyong praktisyoner ng FDR ay isang akreditadong praktisyoner bago mo simulan ang FDR. Maaari mong tingnan kung ang isang tao ay akreditado sa Family Dispute Resolution Register.

Ang mga bagay na iyong sasabihin sa oras ng FDR ay hindi maaaring gamitin sa anumang korte o paglilitis maliban kung tungkol ito sa pang-aabuso sa bata. Ibig sabihin, kahit na hindi kayo magkasundo sa FDR at kailangan mong pumunta sa korte, hindi magagamit ng hukom ang anumang sinabi mo sa FDR kapag gumagawa siya ng desisyon sa korte, maliban kung kaugnay ito sa pang-aabuso sa bata.

Kung ikaw ay ire-refer ng iyong praktisyoner ng FDR sa ibang tao para sa isang serbisyong propesyonal, ang anumang sasabihin mo sa taong iyon ay protektado rin at hindi magagamit sa korte maliban kung kaugnay ito sa pang-aabuso sa bata.

## Ano ang mangyayari sa anumang kasunduan na maaabot sa FDR?

Kung magkakasundo kayo tungkol sa mga kaayusan para sa inyong mga anak, ito ay ire-record bilang isang parenting plan (plano sa pagiging magulang). Ang parenting plan ay dapat nakasulat, may petsa at nilagdaan ng mga magulang. Maaaring kasali sa inyong parenting plan ang mga mekanismo sa pagbabago ng mga kaayusan at paglutas ng mga hindi pagkakaunawaan. Ang mga parenting plan ay maaayos muli paglipas ng panahon, kung kailangan.

Dapat mong malaman na ang anumang mga pagbabago sa mga kaayusan sa pangangalaga sa inyong mga anak ay maaaring makaapekto sa suporta sa bata (child support), suporta sa kita (income support), at mga kabayarang pantulong sa pamilya (family assistance payments). May mga nauukol na natatanging tuntunin tungkol sa child support sa inyong parenting plan. Halimbawa, kung may tiniyak na halaga para sa child support sa inyong parenting plan, hindi ito maipapatupad ng *Child Support* maliban kung may wasto at may-bisang kasunduan sa child support, at ikaw o ang kabilang magulang ay hihilingin sa *Child Support* na tanggapin ito.

Kung gusto mong ligal na maipapatupad ang inyong panghuling kasunduan sa parenting plan tungkol sa inyong ari-arian/mga kaayusan sa pananalapi, maaari kang mag-aplay sa korte para gawing isang Consent Order ang inyong kasunduan. Magagawa mo ito nang sarili mo o hilingin sa iyong abugado na gawin ito para sa iyo.

## Paano kung hindi gagana ang FDR?

Kahit na hindi kayo magkasundo, maaaring tumulong ang FDR sa iyo at sa dati mong asawa o partner na mas mahusay na makipagkomunikasyon o lutasin ang ilan sa inyong mga isyu. Kung susubukan mo ang FDR ngunit kailangan pa ring pumunta sa korte para sa isang Parenting Order, kailangan mo ng sertipiko mula sa isang akreditadong praktisyoner ng FDR.

Ang sertipiko ay magsasaad ng isa sa mga sumusunod:

- ikaw at ang kabilang partido ay dumalo at gumawa ng tunay na pagsisikap upang lutasin ang alitan
- ikaw at ang kabilang partido ay dumalo subali't ang isa o kayong dalawa ay hindi gumawa ng tunay na pagsisikap
- hindi dumalo ang kabilang partido
- nagpasya ang praktisyoner ng FDR na ang iyong kaso ay hindi angkop para sa FDR, o
- nagpasya ang praktisyoner ng FDR na hindi angkop na magpatuloy pa kahit ito ay nasa kalagitnaan ng proseso ng FDR.

Dapat mo ring malaman na kung hindi ka dadalo sa FDR o hindi ka gagawa ng tunay na pagsisikap na dumalo, maaari ka ring utusan ng korte na bayaran ang mga ligal na gastos ng kabilang partido.

## Paano ko kokontakin ang isang akreditadong praktisyoner ng FDR?

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Family Relationship Advice Line sa **1800 050 321** sa pagitan ng **8am hanggang 8pm Lunes hanggang Biyernes** at **10am hanggang 4pm tuwing Sabado** (maliban kung mga araw ng pambansang pista opisyal).

Upang humanap ng serbisyong pinopondohan ng pamahalaan, maaari mong bisitahin ang Family Relationships Online sa www.familyrelationships.gov.au

Maaari mo ring gamitin ang Family Dispute Resolution Register (https://fdrr.ag.gov.au/) para humanap ng isang pribadong praktisyoner ng FDR. Maaari mong gamitin ang mapa para humanap ng isang praktisyoner na malapit sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Child Support, bisitahin ang https://www.servicesaustralia.gov.au/